



Kaganapan

Gaganapin ang “OTA Fureai Festa 2025”!

Ngayong taon din, gaganapin ang “OTA Fureai Festa” sa 3 venue sa buong Heiwajima! Ipatatupad ang isang masigla at masayang plano kung saan mararamdaman ang kagandahan ng Ota City sa pamamagitan ng mga pagtatanghal na pinangungunahan ng mga kainan sa loob ng Ota City, iba’t ibang entablado, Mikoshi Parade, atbp!

- 🕒 Nobyembre 1 (Sabado) at 2 (Linggo), 2025
Mula 10:00 am – 4:00 pm sa parehong araw
Matutuloy kahit umulan
- 📍 Furusato-no-Hamabe Area
(Omori Furusato-no-Hamabe Park 1-1 Furusato-no-Hamabe Park, Ota-ku)
Sun Area (Heiwajima Park 4-2-2 Heiwajima, Ota-ku)
Green Area (Heiwa-no-mori Park 2-1 Heiwanomori-Koen, Ota-ku)

- 🎫 Libre ang pagpasok
- ☎ OTA Fureai Festa Committee Secretariat
Cultural Arts Promotion Division
☎ 03-5744-1226
Fax 03-5744-1539



Proseso

Aplikasyon para sa pagpasok sa public elementary at junior high school ang mga batang may dayuhang nasyonalidad

Ang mga batang may dayuhang nasyonalidad na gustong pumasok sa public elementary at junior high school sa Abril 2026 ay kailangang mag-apply para sa pagpasok.

Balak naming ipadala ang impormasyon para sa pagpasok sa mga karapat-dapat na tao sa unang bahagi ng Oktubre.

(Para kanino)

Mga batang ipinanganak mula Abril 2, 2019 - Abril 1, 2020 (mga batang papasok sa elementary school)

Mga batang ipinanganak mula Abril 2, 2013 - Abril 1, 2014 at inaasahang makakapagtapos sa public elementary school (mga batang papasok sa junior high school)

- 🕒 Ang deadline ay sa Oktubre 17, 2025 (Biyernes)
- 📄 Ang mga magulang o tagapag-alaga ay dapat dalhin ang kanilang residence card o special permanent resident certificate sa tanggapan upang isagawa ang mga proseso
- 📞 School Entrance and Guidance Section, School Affairs Division (Nissay Aroma Square 5F 5-37-1 Kamata, Ota-ku)
☎ 03-5744-1429
Fax 03-5744-1536
Oras ng pagtanggap: 8:30 am - 5:00 pm (weekdays lamang)

Paunawa

Tungkol sa pagpasok sa klase sa wikang Hapon sa Kamata Elementary School at Kamata Junior High School

Ang Ota City ay nagtatag ng mga klase sa wikang Hapon (isa sa elementary school at isa sa junior high school) para sa mga dayuhang bata o estudyanteng pumapasok sa public elementary at junior high school at kulang pa ang kakayahan sa wikang Hapon, at para sa mga bata o estudyanteng umuwi sa kanilang bansa. Layunin nito na matulungan silang matuto ng wikang Hapon at mga kaugalian sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang mga bata o estudyante ay maaaring pumasok sa klase sa wikang Hapon mula sa klase kung saan sila ay naka-enroll at tumanggap ng pagtuturo. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website ng Ota City.

- 🕒 Kamata Elementary School (1-30-1 Kamata, Ota-ku)
Kamata Junior High School (1-12-5 Kamata, Ota-ku)
- 📄 Mangyaring kumonsulta sa guro ng paaralan kung saan sila naka-enroll para sa espesyal na pagtuturo ng wikang Hapon. Mangyaring isumite ang aplikasyon para sa klase sa wikang Hapon sa paaralang kung saan sila naka-enroll.
- 📞 School Entrance and Guidance Section, School Affairs Division
☎ 03-5744-1429
Fax 03-5744-1536



Paunawa

Impormasyon tungkol sa sistema ng grant-type scholarship para sa mga papasok ng high school, atbp.

Ang Ota City ay tumatanggap ng mga aplikante para sa grant-type scholarship na nauukol sa mga taong natutugunan ang tiyak na grade criteria mula sa mga tax-exempted na sambahayan.

*Mangyaring makipag-ugnayan sa amin tungkol sa mga kinakailangan at pamantayan sa pagpili.
Halagang ibibigay 80,000 yen

- 🕒 Unang bahagi ng Nobyembre 2025 - unang bahagi ng Enero 50 katao
- 📄 Dalhin sa tanggapan ng aplikasyon o ipadala sa koreo ang mga kinakailangang dokumento
- 📞 Public Assistance Section, Welfare Management Division (Ota City Office 8F No. 24)
☎ 144-8621 5-13-14 Kamata, Ota-ku
☎ 03-5744-1245
Fax 03-5744-1520



Paunawa Tungkol sa pagbabayad ng resident tax

Ang ikatlong deadline ng pagbabayad ng special city residence tax, metropolitan residence tax (resident tax), at forest environmental tax ay sa Oktubre 31, 2025 (Biyernes). Mangyaring magbayad hanggang sa itinakdang panahon. Para sa mga detalye, mangyaring kumpirmahin ang website ng Ota City.

📞 Sa tanggapan, mangyaring tingnan ang paunawa na iyong natanggap.

☎ Tax Payment Division

Omori District 03-5744-1200

Chofu District 03-5744-1201

Kamata District 03-5744-1202

Sa labas ng Ota City 03-5744-1203

Fax 03-5744-1517



©Ota City



Kaganapan Espesyal na Eksibisyon: Takahashi Shotei × Kawase Hasui — Ang Galing at Ganda ng Japan

Itatampok sa eksibisyon ang mga landscape print ni Takahashi Shotei, na mag-80 taon na ang nakalipas mula nang siya't pumanaw sa 2025, at ang mga landscape print ni Kawase Hasui, isang pintor na nanirahan nang matagal sa Ota City.

🕒 Oktubre 7 (Martes) - Nobyembre 24 (Lunes at pista opisyal), 2025

Sarado tuwing Lunes (bukas kapag pista opisyal)

[Guide tour para sa mga dayuhan]

Nobyembre 9 (Linggo) 2:00 pm

📍 Folk Museum

5-11-13 Minami-Magome, Ota-ku

🆓 Libre

📞 Folk Museum

☎ 03-3777-1070 Fax 03-3777-1283



Kaganapan Espesyal na pagpapalabas ng "Soban Nenbutsu" sa taong 2025

Ang "Soban Nenbutsu" ay isang uri ng dasal kung saan nagtsa-chant ng Buddhist invocation habang pinapatunog ang *Soban* (Japanese gong), na itinalaga bilang "Tokyo-designated Intangible Folk Cultural Properties (Manners and Customs)" noong 1991 kung saan iisa lamang ang napili mula sa 23 city ng Tokyo, at itinuturing na tradisyonal na kultura ng Ota City. Upang maipasa ang cultural property na ito, taon-taon isinasagawa ang espesyal na pagpapalabas ng "Soban Nenbutsu" kasabay ng Tokyo Heritage Week.

🕒 Nobyembre 9, 2025 (Linggo)

2:00 pm - 4:00 pm

(Magbubukas ang venue mula 1:30 pm)

📍 Imaizumi Enmeiji (2-26-17 Yaguchi, Ota-ku)

🆓 Libre

👤 Unang 50 kataong mag-apply

📋 Tumawag sa tanggapan para mag-apply

📞 Secretariat: Yaguchi Branch Office

☎ 03-3759-4686 Fax 03-3759-1492

Kaganapan

Paunawa tungkol sa Ota Citizen's Week sa Tokyo Mega Illumi

Sa panahon ng kaganapan, mamimigay kami ng coupon, at sa weekend, magkakaroon ng mga kaganapan at workshop na isasagawa ng mga organisasyong may kaugnayan sa Ota City, atbp.

🕒 Disyembre 6 (Sabado) - 12 (Biyernes), 2025
4:30 pm - 9:00 pm

📍 Oi Racecourse
(2-1-2 Katsushima, Shinagawa-ku, Tokyo)

🎫 Ticket na may takdang petsa
Matanda: mula 800 yen Bata: mula 400 yen
Ticket para sa mismong araw
Matanda: mula 1000 yen Bata: mula 500 yen
*Maaaring magbago ang presyo depende sa kondisyon. Para sa mga detalye, mangyaring kumpirmahin ang opisyal na website.

📄 Mangyaring kumpirmahin ang opisyal na website.

📞 TOKYOTOKEIBA Co., Ltd.

☎ 03-3763-8702

Email: contact@tokyomegaillumi.jp



Kaganapan

Ang Ika-12 Itsutsunowa Fureai Festa

Ang Itsutsunowa Fureai Festa ay isang lokal na pagdiriwang na inorganisa at pinamamahalaan ng Omori-Higashi Community Association.

Magtitinda ng frankfurts, oshiruko (sweet red-bean soup), atbp. sa mga refreshment booth, at magbibigay ng drone operation experience, mini train riding experience, atbp. bilang area para sa mga bata. Bilang karagdagan, nakaplanong maghanda ng mga corporate booth tulad ng Tokyo Monorail, atbp., gayundin ang mga health consultation area. Ang lahat ng tao mula mga bata hanggang matatanda ay masisiyahan dito.

🕒 Oktubre 19 (Linggo), 2025 10:00 am - 3:00 pm (Matutuloy kahit umambon)

📍 • Omori-Higashi Branch Office

(4-9-1 Omori-Minami, Ota-ku)

• Morigasaki Kotsu Park (4-9-3 Omori-Minami, Ota-ku)

• Morigasaki Ryokuka-en Lawn Square

(4-6-12 Omori-Minami, Ota-ku)

• Factory Complex Omori-Minami 4 Chome

(Techno FRONT Morigasaki) (4-6-15 Omori-Minami, Ota-ku)

📅 Libre ang pagpasok

📄 Hindi kailangan

📍 Omori-Higashi Branch Office

☎ 03-3741-8801 Fax 03-3741-8552

Email: omorih@city.ota.tokyo.jp

Paunawa

Isinagawa ang pambansang census para sa taong 2025

Isinagawa nang sabay-sabay sa buong bansa ang pambansang census na sumasaklaw sa lahat ng residenteng naninirahan sa Japan anuman ang kanilang edad o nasyonalidad gamit ang Oktubre 1 bilang batayan.

Maraming salamang sa inyong pakikipagtulungan sa pagsagot.

📞 Statistics and Research Section,
Household Residents Registry Division

☎ 03-5744-1186

Fax 03-5744-1528

Email: toukei@city.ota.tokyo.jp

Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyū Zoshiki.

Inilathala Ota City Community Activities Promotion Division,
Community Collaboration and Multicultural Section

Address 〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku

Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)

☎ 03-5744-1227 Fax 03-5744-1323

▼ Impormasyon para sa mga dayuhan
(131 wika ang sinusuportahan)



▼ Multilingual Consultation Desk



Posibleng makita ang back issue ▶

